



# Ang Bush Fire at ang inyong tahanan

## IHANDA ANG INYONG TAHANAN AT PROPYEDAD PARA SA MGA BUSH FIRE

Ang mga abisong ito ay maaaring makatulong na mapigilan ang pagkasunog ng inyong bahay ng mga nagbabagang alipato:

- mag-instala ng metal na pangharang sa alulod
- Kumpunihin ang sira o natanggal na tile (tisa) sa bubong
- Mag-instala ng pinong metal na mesh screen sa mga bintana at pintuan
- Pasakan ang paligid ng mga pintuan at bintana para mabarahan ang mga puwang
- Paligiran ang mga lugar na nasa ilalim ng bahay
- Kumpunihin o takpan ang mga puwang sa panlabas na dinding
- Magkabit sa mga alulod ng isang sistemang pangwisik sa apoy

*Mga bagay na magagawa sa paligid ng inyong bahay at hardin:*

- panatilihin maikli ang mga damuhan at mentenahin ang mga hardin
- putulan ang mga puno at palumpong ng halamang nakayungyong sa mga gusali
- alisin ang mga nalaglag na dahon, siit at mga basura sa paligid ng propyedad
- magkaroon ng mga hose (gomang pandilig) na ang haba ay aabot paikot sa inyong bahay
- kung mayroon kayong pool, tangke o dam, magpaskil ng isang 'Static Water Supply' (Nakapirming Suplay ng Tubig) na karatula sa pasukan ng inyong propyedad
- tingnan na sapat at pangkasalukuyan ang inyong seguro
- kompletuhin ang inyong 'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire) na makukuha sa [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)

**ALAM  
BA NINYO**  
Hindi lahat ng tahanan ay maipagtatanggol – ang inyong kaligtasan ang laging nangunguna



Sa isang bush fire, maraming bahay ang masisira dahil sa pag-atake ng alipato, kapag ang mga nagbabagang maliliit na sanga at dahon na dala ng hangin ay babagsak sa bahay o sa paligid nito. Kahit ang mga bahay na malayo sa diretsong dinadaan ng apoy ay maaaring maapektuhan.

Tingnan ang mga lugar kung saan maaaring magsimula ng apoy ang mga alipato – sa bubong, sa ilalim ng sahig at sa paligid ng mga bintana at pintuan – at kumilos upang mapigilan ang mga ito.



131450

**PREPARE.****ACT.****SURVIVE.****BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737**